

Kalusugan at kaligtasan sa trabaho – Mga tungkulin sa ilalim ng mga batas sa WHS

Ang modelo ng mga batas sa Work Health and Safety ay nag-uutos sa mga tagapag-employo na pangalagaan ang kalusugan, kaligtasan at kapakanan ng mga tao sa lugar ng trabaho. Kabilang dito ang:

- pagbibigay at pagpapanatili ng kapaligiran sa trabaho na walang panganib sa kalusugan at kaligtasan
- pagbibigay ng sapat at madaling ma-access na mga pasilidad para sa kapakanan ng mga manggagawa upang isagawa ang kanilang gawain, at
- ang pag-monitor sa kalusugan ng mga manggagawa at mga kondisyon ng lugar ng trabaho upang mapigilan ang sakit o pinsala.

Tungkulin sa mga manggagawa

Ikaw ay may tungkulin na tiyakin ang kalusugan at kaligtasan ng iyong mga manggagawa. Kailangan mong alisin ang panganib ng pagkakalantad sa COVID-19, o kung ito ay hindi posible, kailangan mong bawasan ang panganib hangga't maaari.

Protektahan ang mga manggagawa mula sa panganib ng pagkakalantad sa COVID-19 sa pamamagitan ng, halimbawa:

- pagpapatupad sa kaayusan na pagtatrabaho mula sa bahay
- pag-uutos sa mga manggagawa na ugaliin ang pisikal na pagdistansiya at mabuting kalinisan
- pag-uutos sa mga manggagawa na manatili sa bahay kapag maysakit, at
- paglilinis sa lugar ng trabaho nang regular at mabuting-mabuti.

Tungkulin sa ibang mga tao sa lugar ng trabaho

Dapat mong tiyakin na ang trabaho ng iyong negosyo ay hindi maglalagay sa peligro sa kalusugan at kaligtasan ng ibang mga tao tulad ng mga kostumer, mga kliyente at mga bisita.

Protektahan ang ibang mga tao mula sa panganib ng pagkakalantad sa COVID-19 sa pamamagitan, halimbawa, ng pag-uutos sa kanila na:

- magsagawa ng pisikal na pagdistansya, kabilang ang walang contact na pagdedeliber at pagbabayad
- ugaliin ang wastong kalinisan, at
- umiwas sa lugar ng trabaho, maliban kung kailangang-kailangan

Tungkulin na mapanatili ang lugar ng trabaho at mga pasilidad

Dapat mong panatilihin ang iyong lugar ng trabaho upang matiyak na ang kapaligiran sa trabaho ay hindi maglalagay sa mga manggagawa at iba pang mga tao sa panganib na mahawahan ng COVID-19.

Magpanatili ng isang ligtas na kapaligiran sa trabaho, halimbawa:

- paglilinis ng lugar nang regular at mabuting-mabuti
- pagbabago ng kaayusan (layout) ng lugar upang magawa ang pisikal na pagdistansiya, at
- pagbawas ng bilang ng mga tao sa lugar ng trabaho.

Kailangan mo ring magbigay ng sapat na mga pasilidad sa iyong lugar ng trabaho kabilang ang:

- mga pasilidad sa paghuhugas ng kamay gamit ang sabon, tubig at papel na tuwalya (paper towel)
- hand sanitiser, kung hindi posibleng hugasan ng mga manggagawa ang kanilang mga kamay, at
- mga staff room na malinis at nagbibigay-daan sa pisikal na pagdistansiya.

Maglaan sa mga manggagawa ng regular na mga break upang magamit ang mga pasilidad, lalo na sa paghuhugas ng kanilang mga kamay.

Tungkulin sa pagbibigay ng impormasyon, pagsasanay, pagtuturo at pamamahala

Dapat kang magbigay sa iyong mga manggagawa ng impormasyon o pagsasanay na kinakailangan upang maprotektahan ang mga ito mula sa panganib ng pagkakalantad sa COVID-19 sa kanilang trabaho.

Maaaring kabilang dito ang:

- patnubay sa wastong paghuhugas ng mga kamay

- pagsasanay kung paano isuot at gamitin ang anumang kinakailangang mga pansariling kagamitang pamproteksyon (personal protective equipment)
- pagsasanay kung paano at kailan dapat maglinis
- mga tagubilin sa pag-aayos ng ligtas na lugar ng trabaho mula sa bahay, at
- mga tagubilin sa pananatili sa bahay at hindi pagpasok sa trabaho kung may sakit.

Tungkulin sa pagkonsulta

Dapat kang makipagkonsulta sa mga manggagawa tungkol sa mga usaping pangkalusugan at pangkaligtasan na may kaugnayan sa COVID-19 at bigyan ng pagkakataon ang mga manggagawa na ipahayag ang kanilang mga pananaw at alalahanin. Pahalagahan ang mga pananaw na ito at ipaalam sa mga manggagawa ang resulta ng konsultasyon.

Makipagkonsulta sa mga manggagawa kapag ikaw ay:

- magsasagawa ng pagtatasa ng panganib (risk assessment)
- gagawa ng mga desisyon sa mga hakbang ng kontrol para sa pamamahala ng mga panganib, tulad ng pagpapakilala ng mga kaayusan sa pagtatrabaho mula sa bahay, o paghihigpit sa lugar-trabaho upang matiyak ang pisikal na pagdistansiya
- magdedesisyon tungkol sa mga pasilidad sa lugar ng trabaho, at
- magmumungkahi ng iba pang mga pagbabago na maaaring makaapekto sa kalusugan at kaligtasan ng mga manggagawa.

Kailangan mong sundin ang anumang sinang-ayunang mga pamamaraan sa konsultasyon. Kung mayroong mga kinatawan sa kalusugan at kaligtasan, dapat mong isama ang mga ito sa konsultasyon.

Karagdagang impormasyon

Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa COVID-19 at sa kalusugan at kaligtasan sa trabaho, pumunta sa [website ng Safe Work Australia](https://www.swa.gov.au/coronavirus).